Kapangyarihan ng Abogado

Ang libritong ito ay naglalaman ng pormularyo ng Alaska para sa isang Kapangyarihan ng Abogado. Ibinibigay ng Alaska Legal Services Corporation ang serbisyong ito sa inyo at hindi nito pananagutan kung paano ninyo ito susulatan o sasagutan. Pinahihintulutan ng batas na kayo mismo ang sasagot sa pormularyong ito. Ang libritong ito ay naglalaman ng lahatang impormasyon na tutulong sa inyo. Gayon pa man, kung kayo ay may mga katanungan, makipag-ugnayan sa isang abogado. Ang Alaska Bar Association's Lawyer Referral Service ay maaaring magbigay sa inyo ng listahan ng mga abogado (272-0352 o 1-800-770-9999 sa labas ng Anchorage). Kung hindi ninyo kayang magbayad ng abogado o kayo ay 60 taong gulang o mahigit pa, ang Alaska Bar Association's Lawyer Referral Services ay maaaring makatulong sa inyo. Pakitawagan lamang ang: Anchorage 272-9431 o (888) 478-2572; Bethel 543-2237 o (800) 478-2230; Dillingham 842-1452 o (888) 383-2448; Fairbanks 452- 5181 o (800) 478-5401; Juneau 586-6425 o (800) 789-6426; Kenai 395-0352 o (855)-395-0352; Ketchikan 225- 6420 o (877) 525-6420; Kotzebue 442-7737 o (877) 622- 9797; Nome 443-2230 o (888) 495-6663; Palmer (746- 4636) o (855) 996-4636; o Utqiagvik (Barrow) (855-8998) o (855)755-8998.

Ang libritong ito ay ipinagkakaloob ng Alaska Legal Services Corporation, isang malawakang pang-estado at pribadong [non profit] na samahan. Walang nilalaman sa babasahing ito ang maituturing na makapagbigay ng legal na payo para sa mga natatanging kaso at tungkulin ng mga magbabasa na makakuha ng payo sa isang abogado.

Ang pagpopondo para sa polyetong ito ay nagmula sa Estado ng Alaska, Kagawaran ng Kalusugan at Mga Serbisyong Panlipunan, Dibisyon ng Mga Serbisyo ng Senior at Mga Kapansanan. Para sa impormasyon ukol sa maraming iba pang mga legal na paksa, tingnan ang www.alaskalawhelp.org
Enero 2019

MGA PANUTO

Ang libritong ito ay nagsasalamin sa mga pagbabago sa batas na naging epektibo noong Enero 2017.

Ano ang Kapangyarihan ng Abogado?

Kayo ay gumagawa ng iba't ibang uri ng mga pagpapasya araw araw. Kung kayo ay pipirma sa isang Kapangyarihan ng Abogado, binibigyan ninyo ang ibang tao (ang inyong ahente) ng karapatan na makagawa ng mga pagpapasya para sa inyo at binibigyan ninyo sila ng kapangyarihang isagawa ang mga pasya. Ang pormularyong inihanda dito ay batay sa Batas ng Alaska (AS 13.26.600-965) at maaaring baguhin upang matugunan ang inyong mga natatanging pangangailangan. Halimbawa, maaari ninyong pagkalooban ang inyong ahente ng malawak na mga kapangyarihan ng halos anumang bagay na maaari ninyong gawin para sa inyong sarili (pangkahalahatang kapangyarihan ng abogado) o kaya ay maaari kayong pumili lamang ng kapangyarihan na nais ninyong ipagkaloob sa ahente (tiyak na kapangyarihan ng abogado). Maaari kayong pumili kaagad ng isang ahenteng hihirangin o maaari kayong makagawa ng paghirang na paiiralin lamang kung kayo ay naging baldado na. Maaari kayong magtakda ng oras sa inyong ahente na magkaroon ng kapangyarihan na kumilos na kayo ay katawanin o kaya ay gumawa kayo ng paghirang na "matibay" na ang ibig sabihin ang inyong ahente ay magkakaroon ng kapangyarihan kahit kayo ay baldado na. Maaari rin ninyong ipahayag na ang paghirang ay mapawalang–bisa sa oras na kayo ay mawalan na ng kakayahan.

Bigyan pansin, sa ngayon ang Alaska ay may bukod na batas na ukol sa pangunang mga kautusan sa pangangalagang pangkalusugan. Kasama sa mga isyu ang tungkol sa paghirang ng isang ahente para sa pangangalagang pangkalusugan, pagpapasya para sa pagpapagamot sa pagwawakas ng buhay (testamento para sa mga huling habilin), mga opsyon sa pangangalaga ng pangkaisipang kalusugan, at paghahandog ng bahagi ng katawan (tingnan ang AS 13.52). Mayroong bukod na librito at pormularyo na ang pamagat ay Alaska Advance Health Care Directives na dapat gamitin para sa lahat ng mga isyu na may kinalaman sa pangangalagang pangkalusugan.

Seksiyon 1. Pangalanan ang inyong ahente

Sa seksyong ito, pinangalanan mo ang taong nais mong italaga bilang iyong ahente. Mayroon ding puwang kung saan maaari mong pangalanan ang pangalawang tao bilang isang kapwa-ahente, ngunit hindi mo ito kailangang gawin. ***Lubhang mahalaga na lubusan ninyong pinagkakatiwalaan ang taong pinangalanan mo sa iyong Kapangyarihan ng Abogado.*** Ang kapangyarihang inyong ipinagkaloob bilang "prinsipal" ay maaaring mayroong mahalagang impluwensiya o epekto sa inyo. Halimbawa, maaaring ibenta ng inyong ahente ang inyong bahay o maglabas ng pera mula sa inyong mga account o bangko. Walang pangangasiwa sa inyong ahente ng isang hukom tungkol sa mga desisyon na gagawin niya. Bilang karagdagan, napakahalaga upang matiyak na nauunawaan ng ahente kung ano ang inyong mga nais. Dahil doon, lubos na inirerekumenda na talakayin mo ang iyong mga nais at mithiin sa taong pinangalanan mo sa inyong *Kapangyarihan ng Abogado*. Gayunpaman, hangga't may kakayahan ka sa pag-iisip, palagi kang may karapatang bawiin ang isang *Kapangyarihan ng Abogado*.

Seksiyon 2. Kung pinangalanan mo ang higit sa isang ahente, mayroon kang ilang mga pagpipilian.

Tulad ng nabanggit sa itaas, maaari ninyong pangalanan ang higit sa isang tao upang gumanap para sa inyo. Kung higit sa isang ahente ang nakapangalan sa Seksiyon 1, kailangang markahan ang una at pangalawang pahayag sa Seksyon 2. Markahan ang unang pahayag kung nais ninyong pahintulutan ang bawat ahente na makagawa ng mga pagpapasya kahit walang pahintulot ang isa. Kung nais ninyong parehong mga ahente ay gumanap na magkasama, na may pagkakaisa, markahan ang ikalawang pangungusap.

Marahil ay hindi magandang ideya na kailanganin ang parehong mga ahente na kumilos nang sama-sama kung ang isa sa kanila ay nakatira sa labas ng Alaska. Halimbawa, kung pinangalanan mo ang dalawang tao bilang inyong mga ahente at sinusubukan nilang ibenta ang inyong bahay, pareho silang kailangang pirmahan ang lahat ng mga papeles. Sa pangkalahatan, ang pagtatalaga lamang ng isang ahente ay mas simple. Sa Seksiyon 10, maaari mong pangalanan ang isang pangalawang tao bilang isang kahaliling ahente kung sakaling ang inyong unang ahente ay hindi pwede o ayaw na maglingkod.

Seksiyon 3. Pagpili kung aling mga kapangyarihan ang ibibigay sa pormularyo ng *Kapangyarihan ng Abogado*.

Hindi ninyo kailangang ibigay sa inyong ahente ang karapatan sa lahat ng kapangyarihan na nakalista sa Seksiyon 3 sa pormularyo ng *Kapangyarihan ng Abogado*. Sa katunayan, ang anumang kapangyarihan (A-N) na HINDI ninyo minarkahan ng "Oo" ay HINDI ipagkakaloob sa inyong ahente. Maaari kayong makahanap ng mas detalyadong impormasyon tungkol sa kung anong mga kapangyarihan ang nagbibigay ng bawat pagkakaloob sa pamamagitan ng pagtatanong sa abogado o pagbabasa sa Alaska Statute Seksiyon 13.26.665. TANDAAN: ang awtoridad na gumawa ng mga desisyon sa pangangalaga ng kalusugan para sa inyo ay hindi saklaw ng pormularyong ito ng kapangyarihan ng abogado. Mayroong isang magkakahiwalay na pormularyo na tinatawag na Alaska Advance Health Care Directive na sumasaklaw sa lahat ng mga isyu sa pangangalaga ng kalusugan. Lubos na inirerekomenda na kumpletuhin ninyo ang PAREHONG pormularyo ng Kaparangyarihan ng Abogado at ang Alaska Advance Health Care Directive.

Seksiyon 4. Pagkakaloob ng Tiyak na Kapangyarihan.

Ang seksiyong ito ay tumutugon sa ilang mga espesyal na sitwasyon na maaaring maiangkop. Ang pormularyo ay nakaayos upang ang prinsipal ay dapat markahan ang espesyal na kapangyarihan kung nais niya na ang ahente ay magkaroon ng kapangyarihan na iyon. Kung ang kapangyarihan ay hindi minarkahan ng prinsipal ang ahente ay HINDI magkaroon ng kapangyarihan.

Seksiyon 5.

Ang mga seksiyon 5, 6, at 7 ay magpapahintulot sa inyong magpasya kung kailan o paano ninyo gusto ang *Kapangyarihan ng Abogado* ay magkakabisa. Kung minarkahan ninyo ang unang pangungusap sa Seksiyon 5, ang kasulatan ay magkakabisa kaagad at at ang taong nakapangalan bilang inyong ahente ay may kapangyarihang gumanap para sa inyo. May ilang mga tao na ayaw ng ganito.

Seksiyon 6.

Kung pinili ninyong ang Kapangyarihan ng Abogado ay magkakabisa kaagad, sa Seksiyon 6 dapat kayong magpasya kung ito ay magiging "durable/matibay". Ang durable power of attorney/matibay na kapangyarihan ng abogado ay mananatiling may bisa sakaling kayo ay wala nang kakayahan. Kung nais ninyong ang inyong ahente ay magpatuloy na magkaroon ng kapangyarihan batay sa ganitong mga pangyayari, markahan ang unang pangungusap sa Seksiyon 5. Kung hindi, markahan ang pangalawang pangungusap sa Seksiyon 6.

Seksiyon 7.

Kung nais ninyong humirang isang tao bilang inyong ahente na magsasagawa ng tanging gawain o sa panahong itinakda lamang, dapat ninyong kumpletuhin ang seksiyong ito. Ang seksiyong ito ay magpapahintulot sa inyo na pumili ng petsa kung kailan ang Kapangyarihan ng Abogado mawawalan na ng bisa. Kung nais ninyong humirang ng sinuman bilang inyong ahente na magsasagawa ng tanging gawain o sa panahong itinakda lamang, dapat kumpletuhin ang seksiyong ito. Huwag kumpletuhin ang seksiyong ito kung nais ninyong ang inyong Kapangyarihan ng Abogado ay maging "durable/matibay" o maging mabisa lamang kung kayo ay naging baldado na.

Seksiyon 8.

Maaari ninyong ipawalang bisa itong *Kapangyarihan ng Abogado* sa kahit anumang kadahilanan at anumang oras, kung kayo ay may kakayahang pangkaisipan upang gawin ito. May dalawang paraan para gawin ito. Maaari ninyong sirain ang orihinal at kumpletuhin ang isang bagong *Kapangyarihan ng Abogado*, kung nais ninyong pangalanan ng ibang tao. Maaari rin ninyong pirmahan ang *Notice of Revocation/Pahayag ng Pagpapawalang-bisa* sa pamamagitan ng pagsusulat ng isang maikling sertipikadong pahayag na nagpapawalang bisa sa lumang *Kapangyarihanng Abogado*. Upang maging ligtas, dapat din ninyong ipadala ang *Notice of Revocation/Pahayag ng Pagpapawalang-bisa* nang deretso sa ahente sa pamamagitan ng [first class mail] at kahilingang may resibo ng pagtanggap, upang maaari ninyong patunayan na naipaalam sa ahente na wala na siyang kapangyarihang gumanap para sa inyo. Maaari mo ring naisin na itala ang *Notice of Revocation/Pahayag ng Pagpapawalang-bisa* sa isang pang-estadong tanggapan ng tagapagtala.

Seksiyon 9. Paunawa sa mga Pangatlong Partido.

Ang seksyong ito ay hindi nangangailangan ng anumang aksyon. Inilalarawan nito ang ilang mga posibleng legal na kahihinatnan kung ang pangatlong partido ay tumangging igalang ang wastong naisakatuparan na Kapangyarihan ng Abogado.

Seksiyon 10 (opsyonal). Magpangalan ng isang kahaliling ahente.

Maaaring hindi maisagawa ng taong pinangalanan ninyo bilang inyong ahente ang kanyang mga tungkulin. Halimbawa, ang inyong ahente ay maaaring lumipat sa ibang estado,mamatay,o di kaya’y mawalan ng kakayanan sa pagsasagawa ng mga tungkulin. Upang maiwasan na mangyayari ito, maaaring naisin ninyong pangalanan ang inyong ipapalit kung sakali.

Seksiyon 11 (opsyonal). Magpangalan ng isang tagapag-alaga o konserbador.

Mayroong ilang mga pangyayari kung saan ang isang tagapag-alaga o konserbador ay kailangang maitalaga para sa inyo kahit na nakumpleto ninyo ang isang pormularyo ng Kapangyarihan ng Abogado. Pinapayagan ka ng seksiyong ito na pangalanan ang taong nais mong paglingkuran bilang inyong tagapag-alaga o konserbador. Maaari ninyong pangalanan ang parehong tao na inyong pinangalanan bilang inyong ahente.

Seksyon 12 (opsyonal). Kapangyarihan ng Abogado sa Pangkalusugan

Tulad ng nabanggit sa seksiyon 3, mayroong hiwalay na pormularyo na tinatawag na Alaska Advance Health Care Directive na sumasaklaw sa lahat ng mga isyu sa pangangalaga ng kalusugan. Kung mayroon kayong isang direktiba sa pangangalaga ng kalusugan, baka gusto ninyong ipahiwatig ang katotohanang ito sa pamamagitan ng pagmamarka ng naaangkop na pahayag sa seksiyong ito.

Seksiyon 13. Mga Pirma

Sa panghuli, ang *Kapangyarihan ng Abogado* ay kailangang pirmahan sa harap ng notaryo at tatatakan niya ito. Sa sandaling makumpleto ninyo ang *Kapangyarihan ng Abogado*, dapat ninyong ibigay ang orihinal sa kung sinuman ang ipinangalan ninyo bilang Kapangyarihan ng Abogado, ipamigay ang mga kopya sa mga mahahalagang tao (doktor, bangkero, atbp.), at magtabi ng kopya para sa ahente at inyong sarili. Kung sa huli ipapawalang-bisa ninyo ang *Kapangyarihan ng Abogado*, dapat ipamigay rin ang pagpapawalang-bisa sa katulad na paraan nang ipamigay ninyo ang orihinal.

KAPANGYARIHAN NG ABOGADO

Ang mga kapangyarihan ipinagkaloob mula sa prinsipal sa ahente o mga ahente sa sumusunod na dokumento ay lubhang malawak. Maaaring kasama rito ang kapangyarihang magtapon, magbenta, magdala, at halagahan ang inyong lupain, bahay/gusali at personal na ari-arian. Kaya ang sumusunod na dokumento ay dapat na gamitin lamang pagkatapos nang maingat na pag-iisip. Kung kayo ay may anumang katanungan tungkol sa dokumentong ito, dapat kayong humanap ng karapat-dapat na payo. Maaari ninyong ipawalang bisa ang kapangyarihan ng Abogad sa anumang oras.

Seksiyon 1. Pagtatalaga ng Ahente. Alinsunod sa A.S.13.26.600, 13.26.625- 13.26.640, at 13.26.655 - 13.26.69

Ako si _____
Pangalan at Address ng prinsipal)

itinalaga ang sumusunod na tao bilang aking ahente upang gaganap tulad ng nailahad ko sa ibaba sa kahit anumang paraan na maaari kong isagawa sa aking sarili, kung ako ay personal na nakaharap, na may pagsasaalang-alang sa mga sumusunod na mga bagay, gaya ng ipinapaliwanag sa AS 13.26.665, sa buong saklaw na aking pinahihintulutan ayon sa batas na gumanap sa pamamagitan ng isang ahente.:

Pangalan ng indibidwal na pinili ninyo bilang inyong ahente: _____

Address ng ahente: _____

Teleponong makontak ang ahente: _____

Kung nais ninyong magpangalan ng pangalawang tao upang maglingkod bilang inyong ahente, mangyaring kumpletuhin ang seksiyon sa ibaba:

Pangalan ng indibidwal na pinili ninyo bilang inyong ahente: _____

Address ng ahente: _____

Teleponong makontak ang ahente: _____

Seksiyon 2. Kung humirang kayo ng higit sa isang ahente sa Seksiyon 1 sa itaas, markahan ang isa sa mga sumusunod:

_____ Bawat ahente ay maaaring gumanap ng mga kapangyarihan na ibinigay nang bukod, kahit walang pahintulot ang kahit ibang ahente.

_____ Lahat ng mga ahente ay gaganap ng mga kapangyarihan na ibinigay na magkasama, na may pahintulot ang lahat ng iba pang ahente.

Seksiyon 3. Markahan ang mga kahon sa ibaba upang ipahiwatig ang mga kapangyarihan na nais ninyong ibigay sa inyong ahente o mga ahente. Markahan ang kahon para sa "oo" na nasa tapat ng isang kategorya sa ibaba upang bigyan ang inyong ahente o mga ahente ng kapangyarihan sa kategoryang iyon. Kung hindi ninyo minarkahan ang isang kahon sa tapat ng isang kategorya, ang inyong ahente o mga ahente ay walang kapangyarihan sa kategoryang iyon.

	OO
(A) Mga transaksiyon sa pag-aaring may kinalaman sa lupain, gusali/bahay	☐
(B) Mga transaksiyon kabilang ang mga tunay/nahahawakang personal na pag-aaari	☐
(C) Mga Transaksiyon sa bonds, shares, at mga kagamitan	☐
(D) Mga transaksiyon sa bangko	☐
(E) Mga transaksiyon sa pagpapatakbo ng negosyo	☐
(F) Mga transaksiyon sa insurance or seguro	☐
(G) Mga transaksiyon ukol sa ari-arian	☐
(H) Mga plano sa pagreretiro	☐
(I) Mga Paghahabol at usapin	☐
(J) Personal na pakikipag-ugnayan at gawain	☐
(K) Mga Benepisyo mula sa mga programa ng pamahalaan at serbisyong militar	☐
(L) Mga talaan, mga ulat, at mga pahayag	☐
(M) Pagpapatala ng botante at mga kahilingan para sa [absentee ballot]	☐
(N) Lahat ng iba pang mga bagay	☐
(O) Ang mga kapangyarihang ito lamang ang tinukoy sa ibaba:	☐

_____

_____

Seksiyon 4. Pagkakaloob ng Tiyak na Kapangyarihan (opsyonal)

Ang ahente o mga ahente na inyong hinirang ay HINDI magkakaroon ng kapangyarihan na gawin ang alinman sa mga sumusunod na kilos KUNG HINDI mo MARKAHAN ang kahon sa tapat ng kategoryang iyon:

☐ lumikha, baguhin, ipawalang-bisa, o wakasan ang isang inter vivos trust;
☐ gumawa ng isang regalo, napapailalim sa mga limitasyon ng AS 13.26.665 (q) at anumang mga espesyal na tagubilin sa kapangyarihan ng abogado na ito;
☐ lumikha o magbago ng isang pagtatalaga ng benepisyaryo;
☐ pagpawalang-bisa ng sa death deed o isang kasulatan na pinapalipat ang pag-aari pagkamatay na ginawa sa ilalim ng AS 13.48;
☐ lumikha o baguhin ang mga karapatan ng naiwan;
☐ maghirang ng kapangyarin na ipinagkaloob sa ilalim ng kapangyarihan ng abogado;
☐ iurong ang karapatan ng prinsipal na maging benepisyaryo ng magkakasama at survivor annuity o taunang-kabayaran ng naiwan, kasama ang benepisyo ng naiwan sa ilalim ng isang plano sa pagreretiro;
☐ gumamit ng mga tagapangasiwang kapangyarihan na ang prinsipal ay may kapangyarihan na maghirang.

MGA OPSYON NG MATIBAY NA KAPANGYARIHAN NG ABOGADO

Ang mga Seksiyon 5, 6, 7 ay magpapahintulot sa inyong pumili kung nais ninyo o hindi na ito ay maging isang matibay na kapangyarihan ng abogado at kung kailan ninyo ito nais na isagawa. *Tandaan: Kung nais mong ito ay maging isang matibay na kapangyarihan ng abogado, huwag limitahan ang kondisyon ng dokumentong ito sa mga seksiyon sa ibaba.*

Seksiyon 5. Ipakita kung kailan ang dokumemtong ito ay magiging mabisa, markahan ang isa sa mga sumusunod:

_____ Ang dokumentong ito ay magiging mabisa sa petsa na aking pinirmahan.

_____ Ang dokumentong ito ay magiging mabisa mula sa petsa ng aking pagiging baldado/pagkainutil at ito ay hindi dapat maapektohan dahil sa pagkawala ng aking lakas.

Seksiyon 6. Kung naipakita ninyo sa dokumentong ito , na ito ay magkakabisa sa petsa nang inyong pinirmahan, markahan ang isa sa mga sumusunod:

_____ Ang dokumentong ito ay hindi maaapektohan dahil sa aking kawalan ng kakayahan.

_____ Ang dokumentong ito ay ipapawalang bisa dahil sa aking pagkawalang kakayahan.

Seksiyon 7. Kung ipinakita ninyo sa dokumento na ito ay magkakabisa sa petsa nang inyong pirmahan at nais ninyong limitahan ang mga kondisyon ng dokumento, kumpletuhin ang sumusunod:

Ang dokumentong ito ay magpapatuloy lamang na may bisa hanggang sa _____, 20___.
(Buwan/Araw) (Taon)

Seksiyon 8. Notice of Revocation/Pahayag ng Pagpapawalang bisa ay ipinagkaloob sa dokumentong ito.

Maaari ninyong ipawalang bisa ang lahat ng mga kapangyarihan sa dokumentong ito, o ilan lamang mga tiyak na kapangyarihan. Maliban na lang kung naiiba ang nakalagay sa dokumento, maaari ninyong ipawalang bisa ang lahat ng kapangyarihang ipinagkaloob sa kapangyarihan ng abogado na ito sa pamamagitan ng pagbuo ng kasunod na kapangyarihan ng abogado. O kaya'y maaari ninyong ipawalang bisa ang isang tiyak na kapangyarihang ipinagkaloob sa kapangyarihan ng abogado na ito sa pamamagitan ng pagbuo ng isang espesyal na kapangyarihan ng abogado kasama ang tiyak na kapangyarihan sa dokumentong ito na nais ninyong ipawalang bisa.

Seksiyon 9. Paunawa sa mga Pangatlong Partido

Ang pangatlong partido na umaasa sa makatwirang mga pagkatawan ng isang [attorney-in-fact] na nauukol sa isang kapangyarihang ipinagkaloob ng isang matuwid na isinagawang batas na kapangyarihan ng abogado ay hindi kinapasukan ng anumang pananagutan sa "prinsipal" o sa mga tagapagmana ang mga prinsipal, nagtatalaga o ari-arian na nagiging resulta ng pagpapahintulot sa [attorney -in-fact] upang isagawa ang kapangyarihang ipinagkaloob ng kapangyarihan ng abogado. Ang pangatlong partido na hindi tumupad sa isang matuwid na anyo ng isinagawang batas na kapangyarihan ng abogado ay maaaring may pananagutan sa "prinsipal," ang [attorney-in-fact], ang mga tagapagmana ng prinsipal, pagtatalaga, o ari-arian para sa sibil na kaparusahan, karagdagang pang mga pinsala, mga gastos, at mga kabayaran na may kinalaman sa hindi pagtupad sa anyo ng batas ng kapangyarihan ng abogado. Kung ang kapangyarihan ng abogado ay iyong nagiging mabisa sa sandaling ang kawalan ng lakas ng prinsipal, ang kawalan ng lakas ng prinsipal ay patitibayin ng isang sinumpaang pahayag, na iniuutos ng batas.

Mga Opsyonal na Probisyon

Seksiyon 10. Maaari kayong humirang ng kahaliling [attorney-in-fact]. Sinumang kahalili na inyong hinirang ay may kakayahang gumanap ng katulad na kapangyarihan gaya ng ahente/mga ahenta na inyong pinangalanan sa simula ng dokumentong ito. Kung nais ninyong humirang ng kahalili o mga kahalili, kumpletuhin ang sumusunod:

Maaari kayong humirang ng kahaliling ahente. Sinumang kahalili na inyong hinirang ay may kakayahang gumanap ng katulad sa kapangyarihan gaya ng ahente/mga ahenta na inyong pinangalanan sa simula ng dokumentong ito. Kung nais ninyong humirang ng kahalili o mga kahalili, kumpletuhin ang sumusunod:

Kahalili o kahalili na ahente:

_____

(Pangalan at address ng kahalili)

Seksiyon 11. Maaari kayong pumili ng isang tagapag-alaga o konserbador. Kung nais ninyong pumili ng isang tagapag-alaga o konserbador, kumpletuhin ang sumusunod:

Kung sakaling magpasya ang isang korte na kinakailangan na magtalaga ng tagapag-alaga o konserbador para sa akin, hinirang ko ang sumusunod na tao na isasaalang-alang ng korte para hirangin na maglingkod bilang aking tagapag-alaga o konserbador, o sinumang kinatawan na may kasingtulad na kakayahan.

Taong hinirang bilang tagapag-alaga o konserbador:

_____

(Pangalan at address ng tagapag-alaga o konserbador)

Seksiyon 12. Kung ipinagkaloob ninyo sa isang ahente ang kapangyarihang ukol sa mga serbisyong pangkalusugang pangangalaga, kumpletuhin ang sumusunod:

_____ Nagsagawa ako nang hiwalay na pahayag sa ilalim ng AS 13.52 na kilala sa tawag na “Alaska Advance Health Care Directive".

_____ Hindi ako nagsagawa ng “Alaska Health Care Directive.”

Section 13. Mga Pirma.

Sa katunayan na kung saan, ipinipirma ko ang aking pangalan ngayon _____ araw ng _____, 20_____.

_____
(Pirma ng prinsipal)

STATE OF ALASKA)
) ss.
JUDICIAL DISTRICT)

Acknowledged before me at on the day of , 20 .

_____
Signature of officer or notary. Serial number, if any; date commission expires.

OPTIONAL: If a person other than the principal executes the signature for the principal, the person may not be a person who is appointed an agent in the power of attorney, and the following signature line and notary verification must also be completed:

IN WITNESS WHEREOF, I have hereunto signed my name this day of , 20 .

Name of the principal: _____

Signature of the person signing at the request of the principal: _____

Printed name of person signing at the request of the principal: _____

Form of identification of person signing: _____

Acknowledged before me at on the day of , 20 .

_____
Signature of officer or notary. Serial number, if any; date commission expires.

TRANSLATION CLAUSE (if needed)

I certify that I have translated the provisions of the foregoing *Power of Attorney* from the English language to the Tagolog language to the best of my ability.

_____
Translator